



Patakaran:	Patakaran para Iwasan ang Pagpapatigil ng Pantahanang Serbisyo sa Dahil sa Hindi Pagbabayad	
Petsa ng Pag-apruba: Agosto 13, 2019	Petsa ng Pagbabago: Di Naaangkop	Inaprubahan ng: Lupon ng mga Direktor

PAMAMARAAN

Layunin:

Ang layunin ng patakarang ito ay upang ipaalam sa publiko ang mga programa at patakarang mayroon ang Coachella Valley Water District’s (“CVWD”) upang ipaalam sa isang napabayaang account at iwasan ang pagpapatigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. **Maaaring kontakin ng mga customer ang Customer Service sa (760) 391-9600 upang talakayin ang patakarang ito at ang mga opsyon para iwasan ang pagpapatigil ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.**

Karagdagang Awtoridad:

Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan § 116900, *et seq.*

Saklaw:

Ang mga customer na nahaharap sa pagpapatigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad

Responsableng Grupo:

Direktor ng Serbisyo, Kagawaran ng Serbisyo

PATAKARAN

I. Mga Programa at Patakaran upang Iwasan ang Pagpapatigil Dahil sa Hindi Pagbabayad

- Mga Binawasan o Ipinagpalibang Bayad: Ang Distrito ay nakipagtulungan sa United Way of the Desert upang magbigay ng tulong sa mga customer na kailangang bayaran ang kanilang singil sa tubig. Para mag-apply: Tawagan ang United Way of the Desert sa (760) 323-2731, ext. 23 para magpa-appointment. Para sa pangkalahatang impormasyon sa programa, bisitahin ang www.cvwd.org/H2OHelp.
- Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad (Kasunduan sa Amortisasyon): Ang isang customer na pabaya ayon sa mga Pantahanang Patakaran at Regulasyon ay maaaring humiling ng isang Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad o humiling ng palugit na oras na magbayad para maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Isasaalang-alang ng Distrito ang lahat ng mga pangyayaring nakapaloob sa paghiling kapag inaaprubahan o di inaaprubahan ang isang kahilingan.

Ang mga aprubadong plano ng amortisasyon ay isusulat at pipirmahan ng mga Customer. Ang mga di-nabayarang balanse ay maaaring ma-amortize sa paglipas

ng panahon upang hindi lumagpas sa 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng singil. Ang mga na-amortize na bayad ay isasama sa, at dapat bayaran sa takdang petsa, regular na singil sa customer. Ang customer ay dapat sumunod sa mga kasunduan sa plano ng amortisasyon at mananatiling may alam dahil ang singil ay naiipon sa bawat susunod na panahon ng paniningil. Ang pagkabigong sumunod sa mga kasunduan ng isang plano ng amortisasyon ay magreresulta sa pag-iisyu ng nakasulat na abiso ng pagpapatigil.

3. Mga Nirereklamong Singil: Kung irereklamo ng Customer ang kanilang singil at magpapasa ng isang kahilingang suriin ang account, ang Serbisyo ng Tubig sa Tahanan ay hindi ititigil habang ang reklamo ay nakabinbin. Pagkatapos noon, aalamin ng Distrito kung ang Serbisyo ng Tubig sa Tahanan ay itutuloy o ipatitigil alinsunod sa naaangkop na batas.

4. Medikal na Kondisyon: Ang serbisyo ay hindi ipatitigil dahil sa hindi pagbabayad kung ang Customer ay pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano para sa ipinagpaliban o binawasang bayad na may kaugnayan sa lahat ng mga napabayaang bayarin at siya ay nagpasa ng isang sertipikasyon mula sa isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga na ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig ay magiging panganib sa buhay o magpapakita ng isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente sa lugar.
 - a) Ang serbisyo ay maaaring ipatigil anuman ang medikal na kondisyon maliban kung ang abiso ng diskoneksyon ay nailathala na sa lugar limang araw ng negosyo man lang bago ang petsa ng pagpapatigil at ang Customer ay bigong sumunod at 60 araw man lang na pabaya sa kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad o plano ng ipinagpaliban o binawasang bayad.

 - b) Ang serbisyo ay maaari ring ipatigil kung ang Customer ay hindi makapagbayad sa mga kasalukuyang bayarin sa mga residensyal na serbisyo sa loob ng 60 araw o higit pa habang nasa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad dahil sa mga napabayaang bayarin.